

# Teleserye Bilang Lagusan Ng Kultura Ng Timog Silangang Asya: Isang Dekonstruksiyon

(TELESERYES AS A SOUTH EAST ASIA CULTURE TUNNEL: A DECONSTRUCTION)

Maryjean R. Sarsale

Teacher III

Bato National High School

Bato, Leyte, Philippines

**Abstract**—This study aims to determine the cultural influences present in particular Asian teleseryes. The study's design was ethnographic. As research tools, teleseryes were used from Indonesia, Malaysia, the Philippines, Thailand, and Taiwan. Two (2) teleseryes in each country were evaluated by three evaluators. Ten (10) teleseryes in all were examined. The investigation shows that there are significant cultural similarities among the five Asian nations. The necessity of education was emphasized in terms of both obtaining a job and the advancement of the nation. The five nations have a same application process for college, which includes an admission exam. The five nations share a common culture when it comes to romance. Both formal ways of courtship involve the male visiting the woman's home, where both sets of parents get involved. The two lovers who will stand in front of the shrine have the same desire in terms of marriage since they adore one another, and the guy is getting ready for a wedding that will be attended by family and friends. Additionally, the *mamanhikan* (the man's family will go to the woman's house) culture is unique to the Philippines. Both Asian countries have large extended families. Men perform household labor. The only tradition among the five Nations that varies is whether or not men are permitted to have many wives. It is advised that other studies similar to this one be created in order to prepare for and realize the ASEAN Vision.

**Keywords-** *courtship; extended families; mamanhikan; teleseryes*

Abstrak

Hangad ng pag-aaral na ito ay makilala ang mga kulturang napapaloob sa mga piling teleserye sa mga piling bansa ng Asya. Ginamit sa pag-aaral na ito ang *Ethnographic* na disenyo. Mga teleseryeng mula sa Indonesia, Malaysia, Pilipinas, Thailand at Taiwan ang ginamit bilang instrumento ng pag-aaral. Tigdadalawang (2) teleserye sa bawat bansa ang sinuri ng tatlong ebalwytor. May kabuuang sampung (10) teleseryeng sinuri. Sa resulta ng pagsusuri higit na nangingibabaw ang mga pagkakatulad sa kultura sa limang bansa ng Asya. Sa aspeto ng **edukasyon** parehong binigyan-diin ang kahalagahan nito sa paghahanap ng trabaho at sa pagpapaunlad ng bansa. Pareho ang proseso ng limang bansa sa

pagpapatala ng kolehiyo kung saan kinakailangang kumuha ng *entrance exam* ang mga mag-aaral. Sa **panliligaw** pareho ang limang bansa sa kultura ng panliligaw. Parehong pormal ang paraan ng panliligaw kung saan bibisita ang lalaki sa bahay ng babae at parehong nakialam ang magulang. Sa aspetong **pag-aasawa**, pareho ang hangarin ng dalawang nag-iibigan na haharap sa dambana dahil mahal nila ang isa't isa at pinaghahandaan ng lalaki ang kasal na dadaluhan ng mga kaanak at kamag-anak. At tanging ang Pilipinas lamang ang may kulturang tinatawag na *pamanhikan*. Sa kulturang **pamilya**, parehong *extended family* ang bansang Asyano. Ang mga lalaki ang nagtrabaho para sa pamilya. Nagkakaiba lamang ang limang bansa sa kanilang tradisyon tulad ng pinapayagan ang mga lalaki na magkakaroon ng maraming asawa. Iminungkahi na bubuo pa ng ibang pag-aaral tulad nito bilang paghahanda at pagsasakatuparan ng ASEAN Vision.

**MGA SUSING SALITA:**

*panliligaw; extended families; mamanhikan; teleseryes*

## Introduction

"Our cultures are being reduced little by little to nothing. These technologies have no passport and no visa, but they are affecting us and shaping us."- Joseph Ki-Zerbo

Ang Asya ay isang rehiyon na nagkakaiba sa maraming aspeto tulad ng pag-aasawa, panliligaw, pamilya, edukasyon, at iba pa. Ang bawat indibidwal maging Malaysian, Indonesian, Korean, Singaporean, Thai o Pilipino man ay dapat maging *culturally capable*. At para magkakaroon ng kamalayan sa mga kultura nabuo ang pag-aaral na ito. Iminungkahi ni Alexius (2017) suriin ang mga kultura ng Asya upang malaman at maikonekta sa ASEAN integration.

Sa katunayan binigyan-diin ni Vongthep (2017) sa kanyang talumpati ang tungkol sa pagkakaisa ng mga mamamayang Asyano. Ipinaliwanag niya na hindi lamang ang estado ng ekonomiya ang pagtuunang pansin ng bawat pinuno sa bawat bansa kundi kailangang ding magkakaroon ng ideya ang bawat mamamayan ng Asya tungkol sa mga kultura at tradisyon. Ito ay isa sa mga paraan upang matugunan ang tinatawag na ASEAN integration, dagdag pa niya.

Ito ay sinuportahan ni Alexius (2017) ng Malaysia na nagsabing dapat lahat ay makakilanlan "One Asea, One Framework, One Network" ito ang

lagi niyang binigyan diin. Hangarin ni Alexius (2017) na maikonekta ng mga mamamayan ang kanilang pagkakaiba at pagkakapareha. Ipinaliwanag ni Borong (2021) kailangan magtamo ang mga mag-aaral ng kaalaman at pag-unawa sa sariling kultura ng kanilang lugar at maging ng ibang bansa. ng kultura ang siyang nagbibigay ng pagkakakilanlan ng isang bansa sa buong mundo, kung kaya't mahalaga ito sa pag-aaral ng mga relasyon ng iba't ibang bansa. Ang pagiging bukas-isip at may kamalayan sa iba't ibang kultura ang susi sa interkultural na pagkilala, at sa pagitan ng mga bansa sa Timog Asya.

Isa sa mga malaking selebrasyon noong nakaraang Nobyembre, 2017 ay pagtitipon-tipon sa mga pinuno ng bansa sa Asya sa Pilipinas ay ang Ang Samahan ng mga Bansa sa Timog-Silangang Asya na kadalasang dinadaglat bilang ASEAN o ASEAN INTEGRATION. Hangarin na ang samahang ito ay pagtaguyod ng paglago ng ekonomiya, kaunlarang panlipunan, pagsulong ng mga kultura sa mga kasapi, at pagpapalaganap ng kapayapaang panrehiyon.

Ang pagkilala ng mga kultura sa mga bansa ng Asya ay makilala sa pamamagitan ng medya. Batid ng lahat na maraming nahuhumaling sa mga dayuhang teleserye. Ang medya ay may malaking impluwensiya sa mga pagbabagong nagaganap sa lipunan. Sa katunayan binahagi nina Happer, et al., (2013) malaki ang pagbabago ng mga kabataan sa kasalukuyan sa kanilang mga paniniwala at mga kaugalian dahil sa social media.

Ang medya ang itinuturing na pinakamalakas na institusyong sosyal na nagtataglay ng kapangyarihang lumikha ng isang opinyong makapagpapabago sa kasaysayan ng bansa. Malaki ang ginagampanan ng teknolohiya sa paghabi ng kultura (Guinto, 2010). Kung saan ang kulturang ito ay nagbibigay pagkakilanlan sa bawat lugar. Ayon kay Garcia (1989) na binanggit sa tesis ni Briones (2014) bawat bansa ay may kanya-kanyang katangian at kaibahan.

Ang pag-aaral na ito ay magsisilbi tulay sa pagkilala, pagkuha at pagpapahalaga ng mga impormasyon sa mga kapwa Asyano. Umaasa ang mananaliksik na maging kapaki-pakinabang ang nabuong awtput na isang kalipunan ng mga video clip na napapalooban ng iba't ibang kultura.

## RESEARCH OBJECTIVES

Layunin ng pag-aaral na ito ang makilala at maipakita ang mga kulturang napapaloob sa mga piling teleserye sa mga piling bansa ng Asya.

## RESEARCH METHODOLOGY

### *Desinyo ng Pananaliksik*

Ginamit sa pag-aaral na ito ang *Ethnographic* na disenyo. Ang ethnograpikong paraan ng pananaliksik ay ang pag-aaral ng kultura at tradisyon sa isang partikular na tribu o sa isang mamamayan (Daguplo, et al., 2016). Ang disenyong ito ay naaayon sa pag-aaral na ito sapagkat binigyan ng tuon ang

tungkol sa mga kultura at suliraning panlipunan ang mga bansa sa Timog Silangang Asya.

### *Pinagkukunan ng Datos*

Mga teleserye mula sa Timog Silangang Asya ang ginamit bilang instrumento ng pag-aaral. Tigdadalawang (2) teleserye sa bawat bansa ang sinuri. Limang bansa ang sinuri kaya may kabubuang sampung (10) teleserye. Ang teleseryeng mula sa Indonesia, Malaysia, Pilipinas, Thailand at Taiwan na kapwa matatagpuan sa Timog Silangang Asya. Ang talahanayan sa ibaba ay nagpapakita sa mga teleseryeng sinuri. Ang teleserye ay kinuha mula sa youtube.

Talahanayan 1: Mga Teleseryeng Sinuri

| Bansa     | Pamagat ng Teleserye                    |
|-----------|-----------------------------------------|
| Indonesia | Behind Your Smile<br>Anugerah           |
| Malaysia  | Ariane Rose<br>Amanah Dalam Dinta       |
| Pilipinas | Mara Clara<br>A Love to Last            |
| Thailand  | Song Pradtna<br>Kleun Cheewt            |
| Taiwan    | Summer's Desire<br>Fall in Love With Me |

### *Paraan ng Pananaliksik*

Pagkatapos inaprubahan ng mga tagasuri ang pag-aaral na ito ginawa agad ng mananaliksik ang sumusunod:

*Una*, nangalap ang mananaliksik ng mga teksto tungkol sa proseso ng movie viewing. Ang mga nakalap na proseso ay hinango sa Wikipedia (2013) ito ay matatagpuan sa Apendiks B;

*Pangalawa*, nagdownload ang mananaliksik ng mga teleserye mula sa bansang Timog Silangang Asya;

*Pangatlo*, pinanood muna ng mananaliksik ang mga teleserye at sinuri ang napapaloob nito kung naayon ba sa hinihingi ng pag-aaral;

*Pang-apat*, sinuri ng mananaliksik ang mga teleserye upang malaman kung naaayon ba sa mga krayteryang o aspetong hinanap ng pag-aaral na ito; at

*Panlima*, kumuha ang mananaliksik ng tatlong gurong nagtuturo ng panitikan o literatura na siyang nagsuri. Bago ginawa ang pagsusuri ipinaliwanag ng mananaliksik ang mga datos na dapat makuha sa teleserye.

Ang mga ebalweytor na kinuha ay limang taong pataas na ang karanasan sa pagtuturo ng panitikan na pawang nag-aaral ng MAED Filipino at English. Pagkatapos nasuri ng mga ebalweytor ang teleserye iniisa-isang pinuntahan ng mananaliksik ang mga tagasuri tungkol sa kanilang kasagutan. Hindi naisagawa ang FGD dahil mula sa iba't ibang paaralan ang tagasuri.

## THE FORMULATION AND DISCUSSION

### Mga Kulturang Napapaloob sa Timog Silangang Asya

Ipinakita sa bahaging ito ang mga iba't ibang kultura mula sa limang bansa ng Asya.

#### Kulturang Edukasyong Napapaloob sa mga Piling Bansa ng Asya

Sa bansa ng Indonesia ipinakita na ang kultura ng edukasyon o aspetong edukasyon ay nahahati ang pagpapahalaga ng mga tauhan sa teleserye. Mapapansin na may mga magulang sa teleserye mas prayoridad ang pagtratrabaho kaysa pag-aaral at may magulang naman na pinahahalagahan ang edukasyon. Batay sa panonood may ilang bahagi ng teleserye na ang edukasyon ay itinuturing na napakahalagang aspeto sa kanilang buhay. Binigyan-diin sa teleserye na kailangan makapagtapos dahil ang mundo ay puno ng kompetisyon.

### Talahanayan 2: Kulturang Edukasyong Napapaloob sa mga Piling Bansa ng Asya

|                        | Bansa     | Tagpuan          | Tauhan   | Dayalogo                                                                                                                                                                                                | Tema                                                 |
|------------------------|-----------|------------------|----------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------------------------|
| KULTURANG<br>EDUKASYON | Indonesia | Lansangan        | Ama      | Sinabi ko na sa iyo ang mahalaga ay kumita tayo!                                                                                                                                                        |                                                      |
|                        |           | Bahay            | Anak     | "Ama marami po akong babayaran sa paaralan"                                                                                                                                                             | Hindi pinahalagaahan ang edukasyon                   |
|                        |           | Bahay            | Ina      | Gumising kana "mahuli ka na naman sa klase"                                                                                                                                                             | Ipinakita ang kahagahan ng edukasyon o kaaalaman     |
|                        |           | Paaralan         | Kaklase  | "Natakot ako sa eksaminasyon"                                                                                                                                                                           | Pagpapahalaga ng kwalidad na edukasyon               |
|                        | Pilipinas | Sa loob ng bahay | Ama      | "Kumusta ang pag-aaral mo Mara? Isa lang ang hihilingin ko sa iyo pagbutihin ang iyong pag-aaral"                                                                                                       | Pagpapahalaga sa edukasyon                           |
|                        |           | Sa bahay         | Anak     | Pagbutihin ko po inay ang pag-aaral para matupad ang aking mga pangarap. Inay huwag kayong mag-aalala tutuparin ko lahat ng mga pangarap alang-alang sa inyo ni itay. Mag-aral po ako nang mabuti inay. | Mapag-alala                                          |
|                        |           | Paaralan         | Kaklase  | Halika na baka mahuli tayo sa entrance exam.                                                                                                                                                            | Pagpapahalaga ng anak sa kaligayahan ng mga magulang |
|                        |           | Paaralan         | magklase | Wala silang interes na mag-aral. Humanga ako sa inyo tinitis mo lahat para makapag-aral ka, pareho tayo Mara may ambisyon sa buhay.                                                                     | Pagpapahalaga sa oras                                |
|                        |           |                  |          | Anong walang                                                                                                                                                                                            | Pagpapahalaga ng                                     |
|                        |           |                  |          |                                                                                                                                                                                                         |                                                      |

|          |          |              |                                                                                                                                                                                                                                                                                                           |                                                                                 |
|----------|----------|--------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------|
|          |          | Ama          | ginawa? Bakit pinatawag ako ng principal? Dahil sa mga kalokohan niyo sa paaralan                                                                                                                                                                                                                         | responsibilidad ng mga punong-guro bilang pangalawang magulang sa mga mag-aaral |
| Malaysia | Sa bahay | Mga magulang | Tumigil kana sa pag-aaral! Humayo ka at magtratbaho                                                                                                                                                                                                                                                       | Pagkamasarili                                                                   |
| Thailand | Sa bahay | Ina          | Pinag-aaral ang mga anak hanggang sa mataas na edukasyong maaari nilang matamo. "I sent you overseas for your education and for you to come back with strong wings."                                                                                                                                      | Pagpapahalaga ng kaalaman                                                       |
|          | Sa bahay | Kapatid      | Ang pag-aaral ay ipinagpapatuloy hanggang sa pinakamataas na antas na maaaring matamo at ang iba'y nag-aaral sa ibang bansa upang maging dalubhasa sa larangan na pinili.) (nang minsang nagu-usap ang magkapatid na sina Jade at Jane. "the university in England has accepted me! I'm going to study!") | Pagpapahalaga ng kaalaman                                                       |
| Taiwan   | Opisina  | officemate   | Malaki ang pagpapahalaga sa edukasyon at inaasahang kapag may pinag-aaralan ay kumikilos nang naayon sa antas ng pinag-aralan nito.                                                                                                                                                                       |                                                                                 |
|          | Opisina  | Kaibigan     | "Excuse me. Which company are you guys from? How can you talk without being educated?"                                                                                                                                                                                                                    |                                                                                 |
|          | Opisina  | Manager      | "Saying that other people are uneducated right off the bat having no manners."                                                                                                                                                                                                                            | Diskriminasyon                                                                  |
|          | Opisina  | Manager      | "I become the CEO of this advertising company because I am the most qualified"                                                                                                                                                                                                                            |                                                                                 |

|  |  |  |  |                                                                                                  |  |
|--|--|--|--|--------------------------------------------------------------------------------------------------|--|
|  |  |  |  | I've been studying abroad about this matter and earned master's degree there. Is that all clear? |  |
|--|--|--|--|--------------------------------------------------------------------------------------------------|--|

Kahit ipinakita sa teleserye na may ilang eksena na hindi ipinapakita ang pagpapahalaga ng edukasyon pero may mga eksina naman na hinikayat na mga magulang ang mga anak na magpatuloy sa pag-aaral upang hindi mapag-iwanan ng panahon tulad ng paghahanap ng trabaho at sa mga pagbabagong nagaganap sa kanilang lugar. Mula sa nabasang artikulo ni Casapao (2015) ay ipinahayag na ang edukasyon sa Indonesia ay nasa ilalim ng pananagutan ng Kagawaran ng Edukasyon at Kultura. Dapat sumailalim ang lahat na mamamayan sa siyam na taong sapilitang edukasyon, na binubuo ng anim na taon sa antas ng elementarya at tatlong taon sa antas ng sekondarya.

Ang paaralang Islamic naman ay nasa ilalim ng pamamahala ng Ministry of Religious Affairs. Sa pagsusuri ni Suratno (2014) natuklasan na ang edukasyon ng Indonesia sa kasalukuyan ay unti-unting binago at pinaunlad. Binigyan nila ng mataas na pagpapahalaga ang edukasyon na ito ay ipinakita sa teleserye na itinuturing na ang paaralan bilang himpilan ng edukasyon ay mundo ng kompetisyon. Nabunsod ang pagbabago ng kurikulum dahil sa resulta ng kanilang tinawag na PISA kung saan bumaba ang performance ng kanilang mga mag-aaral sa asignaturang mathematics at science.

Ipinahayag ni Sahlberg (2011) magkakaroon ng reporma ng tinatawag nilang "GERM", the Global Education Reform Movement kung saan pinag-usapan dito ang tinatawag na standardization lalo na sa pagbibigay diin ng pagkakaroon ng ASEAN CONNECT.

Ipinakita sa teleserye na ang kultura ng edukasyon sa **Pilipinas** ay binibigyang daan ng paaralan ang pagsukat sa kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Ipinakita rito kung gaano kahalaga ang edukasyon. Kaya handang magtiis tulad ng pagiging isang *working student* upang makapag-aral sa kolehiyo. Ipinakita sa teleserye na mataas ang pagtingin ng tao sa mga may mataas na edukasyon at higit sa lahat napansin sa teleserye na ang may mataas na edukasyon ay mataas na pagkakataon na makapasok ng magandang trabaho.

Ang resulta ito ay may kaugnayan sa pahayag ni Tolentino (2016) na ang sistema ng edukasyon ng Pilipinas ay ginagamit lamang bilang instrumento ng estado sa paghubog ng kamalayan at kakayahan ng mga kabataang Pilipino upang sila ay manilbihan

para sa ilang naghaharing uri sa lipunan at palaganapin ang mga kaugalian at pamaraan ng pamumuhay ng mga uring ito. Dahil ang edukasyon ay isa lamang instrumento ng estado ng mga Pilipino.

Sa kulturang Pilipino tungkol sa edukasyon ayon kay Zafra (2010) ang edukasyon ay maituturing isa sa mahalagang bahagi ng pagkato ng bawat indibidwal. Itinuturing itong magandang pundasyon sa paghubog ng katauhan sa katunayan kung ang isang indibidwal ay may mataas na pinag-aralan ay magkakaroon siya ng magandang posibilidad na makakuha ng magandang trabaho. Napagtanto rin ni Bae (2017) pagkatapos sa kanyang pagsusuri na sa Pilipinas mahalaga ang pagtatamo ng karunungan ng isang tao sapagkat ang edukasyon ay susi upang makaahon sa kahirapan sa buhay. Natuklasan pa rin ni Bae (2017) sa resulta ng pag-aaral kanyang pag-aaral na madaling makakuha ng trabaho ang may pinag-aralan.

Ipinakita sa teleserye na sa bansang **Malaysia** ay hindi masyadong binigyan ng pagpapahalaga ang edukasyon. Napansin na ang lahat ng pamantasan sa bansang Malaysia ay pinangangasiwaan ng pamahalaan. Sa pagsusuri ni Pataueg (2015) tinatayang aabot sa 87.4% lamang sa populasyon ng Malaysia ang marunong bumasa at sumulat. Sapilitan ang kanilang pag-aaral at walang bayad sa paaralan ang nasa antas ng kolehiyo.

Batay sa pagsusuri napansin na ang edukasyon ng Thailand ay batayan sa lahat ng larang sa buhay. Ipinakita sa teleserye na ang edukasyon ay napakahalaga. Hindi madali ang makapag-aral ng kolehiyo dahil kinakailangang kukuha ng entrance exam ang mga mag-aaral. Sa teleseryeng pinanood napansin na binigyan nang mataas na kamungawan ang edukasyon at ito ay naibibigay ng isang maayos na sistemang pampaaralang mula kindergarten, mababang paaralan, at mataas na sekondarya. Sa pagsusuri ni Daquigan (2016) ang pampublikong paaralan ng Thailand sa elementarya ay halos pinatakbo ng mga monghe. Ang literasi ng bansa ang isa sa pinakamataas sa Asya nasa 90%. Sa inilathala OECD-UNESCO (2016) binago ang kurikulum ng edukasyon sa Thailand na naaayon sa ASEAN Curriculum kung saan inirekomenda sa OECD-UNESCO (2016) na dapat magkakaroon ng parehang kurikulum ang Asya upang maisakatuparan ang hangarin ng ASEAN.

Mapapansin na ang kultura ng edukasyon ng **Taiwan** ay ipinakita na may malaking kalamangan sa lipunan ay may pinag-aral. Ipinakita rito na ang estado ng buhay ay nakabatay sa mga pinag-aralan ng tao.

Batay sa ipinakita ang edukasyon sa mga piling bansa ng Asya mapapansin pareho ang kultura ng edukasyon. Kahit makikita sa bansang Malaysia na hindi masyadong binigyang halaga ang pag-aaral pero mapapansin na gumawa ng paraan ang pamahalaan na mapaunlad ang kanilang edukasyon. Ipinakita lamang dito na edukasyon ay parehong binigyang halaga sa bawat bansa.

Ang kabuuang resulta ay may kaugnayan sa pahayag nina Daquigan (2016) na natuklasan na ang Asya ay isang rehiyon na nagkakaiba sa maraming aspeto tulad ng edukasyon. Sa resulta ng kanilang pagsusuri na pareho ang paniniwala ng bawat na kaya ng edukasyon na mapagaan ang pagkakaiba ng mga tao pagdating sa kanilang katayuan sa lipunan. Ang edukasyon ay isang mabisang instrumento sa pagkamit ng mga layunin ng isang bansa.

### Talahanayan 3: Kulturang Panliligaw Napapaloob sa mga Piling Bansa ng Asya

| Bansa     | Tagpuan       | Tauhan            | Dayalogo                                                                                                                               | Tema                                  |
|-----------|---------------|-------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------|
| Indonesia | Sa bahay      | Ina               | May trabaho ba ang iyong mapangasawa?                                                                                                  | Pagpapahalaga estado ng buhay         |
|           | Sa bahay      | Ina               | Mabait ba iyang nanliligaw mo? Tandaan mo ang mahalaga may dignidad. "It's not that, it can't be given it's that he's unworthy"        | Pagpapahalaga sa dignid ng pamilya    |
|           | Sa bahay      | Lalaki (Tracy)    | Anuman ang iyong kinagisnan hahayaan kita wala ako magagawa iyan ang iyong kultura ang mahala we both love each other                  | Pagpapahalaga sa kulturang kinagisnan |
|           | Sa bahay      | Tracy             | Matagal na kitang mahal.                                                                                                               | Pagmamahal                            |
|           | Sa parke      | Lalaki            | Don't worry too much, im willing to help you. Ganyan kita ka mahal                                                                     | Katapatan                             |
|           | Sa bahay      | Lalaki            | Mom met my beautiful lady                                                                                                              | Paggalang sa mga magulang             |
| Pilipinas | Opisina       | Officemate        | Mam Andrea may bulaklak po kayo galing kay si Anton                                                                                    | Mapag-alala                           |
|           | Sa bahay      | Manliligaw        | "Mara, bulaklak para sa iyo, gusto lang kitang dalawin"                                                                                | Paggalang sa babae                    |
|           | Sa paaralan   | Manliligaw        | "Mara, mahal kita". "Christian hindi pa ako pwedeng makipagrelasyon. Kailangan kong mag-aral muna"                                     | May determinasyon sa mga pangarap     |
|           | Sa paaralan   | Manliligaw        | Pwede ba tayong mamasyal? Oh, Christian pero kailangan ko mo nang magpaalam kay Sir Amante.                                            | Pagkamasunurin at pagkamagalang       |
|           | Opisina       | Kasama sa opisina | Hi Andeng special delivery mga bulaklak mula kay Anthon iba talaga kung mahal si Anthon, Andeng                                        | Pagmamahal at pagkamatapat            |
|           | Bahay         | Nanliligaw        | O, Chloe magpaalam na ako sir Anton na ligawan na kita kasi nakapaggraduate na tayo                                                    | Pagkamagalang                         |
|           | Opisina       | Kaibigan          | Lalaban ka pa ba Anton? Pero bro, let her go. Alam mo ligawan mo na si Andeng Anton, alam mo kaibigan siya ni Kressy hindi mahihirapan | Pagtulong                             |
|           | Opisina       | Anton             | Lalabas tayo mamamayang gabi Andrea. Ipapasyal kita sa paborito kong pasyalan                                                          |                                       |
| Malaysia  | Sa restaurant | Lalaki            | "Flowers for you baby" please accept my proposal                                                                                       |                                       |
|           | Sa bahay      | Lalaki            | Sir, gusto ko pong sabihin mahal ko ang anak mo.                                                                                       |                                       |
| Thailand  | Sa plaza      | Lalaki            | "Kung nakikita mo lang ang nararamdaman ng aking puso Walee. Tandaan mo hindi ako titigil. Ganyan kita kamahal"                        | Pagkamatisin                          |
| Taiwan    |               |                   | But when Butler Bo went to army, your dad took advantage of the opportunity and desperately chased me.                                 | Diskriminasyon/Pang-aapi              |
|           | Bahay         | Ina               | Tao Zi, kailan mo ba ipakilala ang iyong nobya? Mabait siya? Mapagkatiwalaan ba?                                                       | Pagkamaalalahanin                     |
|           | Opisina       | Lalaki            | Kakain tayo sa labas mamamaya kasi kaarawan mo                                                                                         | Hospitable                            |

Ipinakita sa teleserye ang isang magandang kultura ng panliligaw ng **Indonesia** tulad ng ipakilala

ng lalaki sa kanyang pamilya ang babaeng kanyang liligawan. Ang pagtatapat ng lalaki sa kanyang nararamdaman ay isinagawa sa bahay ng babae. Ipinakita sa teleserye ang pagiging konserbatibo ng Indonesia sa katunayan ipinakita sa teleserye na habang namamasyal ang magnoby sa plasa, sa isang restaurant at sa baywalk ay hanggang *holding hands* lamang ang pwedeng gagawin ng magkarelasyon. Ito rin ay pinatunayan ng sinabi ng mga magulang sa kanyang anak na "Mabait ba iyang nanliligaw mo? Tandaan mo ang mahalaga may dignidad. "It's not that, it can't be given it's that he's unworthy". Ipinakita rito ang pagpapahalaga ng pagpapanatili ng magandang reputasyon sa pamilya.

Ipinaliwanag ni Assimono (2015) sa kanyang pag-aaral na isa sa mahirap na kultura ng panliligaw ng Indonesia ay kailangan ang dalawang nag-iibigan ay parehong tanggap sa kani-kanilang pamilya. Kaya sa panliligaw na lalaki sa kanyang napupusuan sisikapin ng lalaki na magugustuhan at matatanggap ito sa kanyang mga magulang. May kasabihan ang Indonesia, "*Kalau kita menikah, kita juga menikah dengan keluarga*" na ibig sabihin kapag nagpapakasal sa iyong nobya o nobyo pinakasalan mo na rin ang pamilya nito.

Sa nabasang artikulo ni Lundstrom (2012) na pinamagatang *Courtship in Indonesia* (2012) mahigpit ang mga magulang ng Indonsesian sa kanilang mga anak pagdating sa hayskul. Hindi sila papayagang lumalabas upang makipagdate. Lagi ipinapayo ng mga magulang na ituon ang sarili sa pag-aaral hindi sa pakipagrelasyon. Ang panliligaw ng lalaki ay may malaking papel na ginagampanan ang mga magulang sa pagpili kung sino ang kanyang mamahalin kaya marami rito ang umiiral na *arranged marriage*.

Ipinakita sa teleserye na ang paraan ng panliligaw ng mga **Pilipino** ay pupunta ang lalaki sa bahay ng napupusuan at pormal ang paraan ng panliligaw. Ang manliligaw ay pupunata sa bahay ng babae at sa mga magulang muna makipag-usap ang lalaki at hihingi ng pahintulot. Ipinakita sa teleserye na sa bahay nanliligaw ang lalaki kung saan ang babae ay magpapakipot. Hindi niya agad sasagutin ang lalaki kahit mahal niya. Ipinakita rin sa telerye na may mga lalaki na makipagdate o ipapasayal ang napupusuan at doon gagawin ang panliligaw.

Napansin rin sa teleserye na may mga tagahanga o lalaki nadaig ang kanyang pagkatakot na baka mabasted kaya kukuha muna ng isang tao o "pantao tulay" na karaniwan parehong kaibigan ng manliligaw at nililigawan. Ayon kay Torres (2016) marami ang paraan ng panliligaw ng mga Pilipino tulad ng idadaan sa pagpapadala ng mga bulaklak, liham at harana. Ito ay mga tradisyunal na paraan ng panliligaw. Ipinaliwanag pa rin niyang ang ipinakita rin sa mga teleserye partikular ang pagpapadala ng bulaklak at paghaharana. Dagdag pa ni Torres (2016) na pahirapan ang paraan ng panliligaw noon. Ang lalaki ay dadaan muna sa butas ng karayom upang makuha lamang ang matamis na "oo" ng kanyang iniibig. Kailangan din na makuha ng lalaki, hindi lamang ang pag-ibig ng babae, kundi ang pagsang-

ayon din ng mga magulang nito sa kanyang panliligaw. Ang pagsang-ayong ito ay hindi madaling makuha dahil bago pumayag ang mga magulang ng babae, kailangan dumaan ang lalaki sa ilang pagsubok.

Ayon naman kay Francia (2010) bago magpapakasal ang lalaki ay nagsisimula ang lahat sa panliligaw ng lalake, hindi lang sa babae, pati rin sa pamilya nito. Ang panliligaw isa sa mga magandang kultura ng mga Pilipino na maipagmamahal sa ibang bansa. Ang kulturang pamanhikan ay isa sa dapat e-preserba ng mga taga-Asyano at dapat tularan sa ibang bansa bilang guro sa wika at panitikan iminungkahing ang kulturang ito ay dapay pansin sa tinatawag na ASEAN Integration.

Sa pagsusuri ng teleserye mula sa Malaysia napansin lamang na pinairal sa kulturang panliligaw ang kapwa Malaysian ang iibigin o mamahalin. Sa pakikipanayam ng mananaliskik sa mga kakilang OFW kung bakit mas gusto ng mga Malaysia ang kalahi nila, una, para hindi mahirapan sa pagkayakap ng kanilang kultura. Pangalawa, ang kanilang kayamanan ay hindi mapunta sa iba. Ayon kay Seashell (2017) ang Malaysia ay isa sa mga maunlad na bansa kaya ang mga babae ay hindi maghahangad na makapag-asawa ng lalaking may maraming pera.

Ipinaliwanag ni Daquipan (2016) na sa panliligaw ng taga-Malaysia mahalaga parin ang opinyon ng mga magulang lalo na kapag ang anak nila ay babae. May mga pamantayan ang magulang ng babae sa lalaking manliligaw. Una kailangan alagaan at mahalin ang anak. Pangalawa pareho silang masipag at may pinag-aralan.

Sa bansang Thailand ipinakita ang kultura ng panliligaw. Ipinakita rito ang tunay ng pagmamahal ng lalaki kung handa siyang magsakripisyo para lamang makuha niya ng puso ng babae. Batay sa pagsusuri bago ligawan ng lalaki ang babae ipakilala muna ng lalaki ang babae sa kanyang pamilya kung saan ang mga magulang ang madesisyon kung ipagpatuloy ba ang kanyang panliligaw.

Ayon kay Daquipan (2016) ang kultura ng panliligaw ng mga taga-Thailand ay kakaibang kultura dahil may sinusunod silang hakbang. Una bago liligawan ng lalaki ang babae dadalhin muna niya ito sa bahay upang ipakilala sa kanyang mga magulang. Sa tuwing ilalabas ng lalaki ang babae sinasamahan ng kasapi ng pamilya ang babae para mapanatili ang magandang relasyon ng babae. Pangalawa, kapag sinagot na ng babae ang lalaki papayagan na silang lalabas na walang kasama. Nasa kanilang kultura na kapag matagal na ang kanilang relasyon maniniwala ang mga tao na lagi na silang nagtatalik (sex) kahit hindi nila ito ginawa. Kahit matagal na ang relasyon ng dalawang nag-iibigan manatili pa ring konserbatibo ang dalawa. Ibig sabihin iiwasan nilang maghalikan at magyakapan sa maraming tao.

Natuklasan ni Torres (2016) na isa sa mga kultura ng Thailand ay panliligaw, ang lalaki ay dapat dumating nang maaga sa pinag-usapan oras kapag makipagkita sa iniibig kasama ang mga magulang nito

sa Thailand itinuturing very big deal ito. Ang pakigpakita sa mga magulang ng babae ay palatandaan ng seryoso ang lalaki sa kanyang pagmamahal.

Ipinakita sa teleserye ang isang magandang kultura ng panliligaw ng Taiwan tulad ng ipakilala ng lalaki sa kanyang pamilya ang babaeng kanyang liligawan. Ang pagtatapat ng lalaki sa kanyang nararamdaman ay isinagawa sa bahay ng babae. Sinabi ni Padilla (2007) ang kasal ng bansang Singapore ay napakamahal. Kaya mag-iipon muna ang nobya ang ilang taon para sa mga gastusin sa kasal kaya marami sa magnobyas sa *mass wedding ceremony* nalang sasali sa pagpapakasal para makaipon nap era.

Sinabi ni Padilla (2007) ang kasal ng bansang Taiwan ay napakamahal. Kaya mag-iipon muna ang nobya ng ilang taon para sa mga gastusin sa kasal kaya marami sa magnobyas sa *mass wedding ceremony* nalang sasali sa pagpapakasal para makaipon na pera.

#### Talahanayan 4: Kulturang Pag-aasawa Napapaloob sa mga Piling Bansa ng Asya

| Bansa     | Tagpuan       | Tauhan       | Dayalogo                                                                                                        | Tema                                    |
|-----------|---------------|--------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------|
| Indonesia | Sa parke      | Lalaki       | I want to marry you. Ina ito si Jean ang aking papakakasan                                                      | Pagmamahal at paggalang sa mga magulang |
|           | Sa parke      | Mga magulang | Handa naba lahat na kakailanganin mo sa kasal anak?                                                             |                                         |
|           | Sa bahay      | Adam         | Jurvita pinag-iipunan ko ang ating darating na kasal. Ibinili ko ang mga ito tanda ng aking pagmamahal sa iyo   | Pagkamagara                             |
|           | Sa opisina    | Adam         | Kailangan ko nang hingin sa mga magulang mo ang iyong puso                                                      | Pagmamahal at pagkamatapat              |
| Malaysia  | Sa parke      | Jurvita      | Masaya ako love sapagkat excited ang aking mga pamilya sa ating darating na kasal.                              | Pagkakaisa                              |
|           | Sa bahay      | Tiyuhin      | "Hay naku Andeng iyang nanay excited na excited kanina pa iyan paikot ikot. Parang sa kanya mamanhikan si Anton | Pagkamagalang                           |
|           | Sa bahay      | Ang lola     | "Aw naku paano ba iyan Andeng kung magpapakasal sino na ang gagawa sa akin iyan"                                | Pagkamaalagain                          |
|           | Sa bahay      | Nanay        | "Halika balai pasok kayo sa loob upang pag-usapan na natin ang kasal nina Andeng"                               | Pagka-accomodating                      |
| Pilipinas | Sa parke      | Nobyos       | Eng. Kressy Beneventura will you marry me? (sabay abot sa singsing)                                             | Tapat pagmamahal na                     |
|           | Sa hardin     | Asawa        | "Tigasan mo ang puso mo Andria. Nang kinalas tayo you made a promise. Sabi mo mahal mo ako"                     | Pagkamatatag                            |
|           | Sa opisina    | Lalaki       | "From now on I want to take care and spend my life with you. I love you with all my heart. Will you marry me?"  | Pagmamahal                              |
|           | Sa bahay      | Babae        | "Maghiwalay na tayo, we need file a divorce"                                                                    | Hindi pagkakaunawaan                    |
| Thailand  | Sa bahay      | Babae        | "P'Chaiyan won't come back to me right? Will Chaiyan divorce me?"                                               | Pag-aalala                              |
|           | Sa restaurant | Lalaki       | Ituloy na natin ang ating pagpapakasal                                                                          | Pagmamahal                              |
| Taiwan    | Sa restaurant | Lalaki       | Ituloy na natin ang ating pagpapakasal                                                                          | Pagmamahal                              |

Ipinakita sa **Indonesia** ang kultura nila, ang anak ay sasangunin sa mga magulang sa kanilang pagpapakasal. Ipinakita rito ang pakikipagtulungan ng mga magulang sa kanilang anak sa selebrasyon.

Sa Indonesia ang pag-aasawa ay isang seremonya sa pagpasok ng pagkatanda at kilalang miyembro ng komunidad. Ang ipinakita sa teleserye ay may kaugnay sa pahayag ni Asimono (2015) na higit na umiiral ang *customary o arranged marriage* sa Indonesia kaysa sa malayang pagpili ng papakasan.

Ang mga seremonya ay iba-iba sa bawat pulo. Ang ideyal na kasal ay lalakas ang samahan kung ang babae ay hahawak sa pinansyal at pag-alaga ng mga bata habang ang lalaki ay nagtatrabaho. Minsan lang ang pagmamahal o pagnanais ang makikita sa kasal. Ang mga salitang tinggi (high) and rendah (low) ay mahalaga sa pagkasundo ng kasal sa mga Indonesian. Sa ibang lugar, ang lalaki ay maaaring magpakasal sa babae na may mababang estado sa buhay. Sa ibang komunidad, tulad ng mga Muslim, maaring magpakasal ang lalaki sa maraming babae. Ang mga seremonya ay iba-iba sa bawat pulo, mula sa mga ritwal hanggang sa pagtatanan.

Inilarawan ni Daquigan (2016) na may mga lugar sa Indonesia na ang pagtatanan ay karaniwang paraan ng pagpapakasal at alam ng kanilang mga magulang ito. Ang mga seremonya ng kasal ay magarbo dahil ito ay may pari at isasagawa sa temple.

Mahaba ang seremonya ng kasal at maraming proseso ang ginawang seremonya ng kasal. Ito ang napansin ng tagasuri sa kultura ng kasal ng bansang Malaysia. Batay sa resulta ng pagsusuri ni Hirschman (2016) ang ikinaiba ng Malaysia sa ibang bansa ay ang mahabang seremonya bago ang mismong kasal. Ang Hantar Tanda o ang pagsalita ng pamilya ng groom, Bertunang o ang engagement, Bersanding o ang enthronement, Akad Nikah o ang mismong kasal at ang Berinai o ang seremonya. Sa seremonya ay nilalagyan ng henna ang kamay ng bagong kasal.

Ganoon din ang pahayag ng isang nabasang artikulo na pinamagatang *Malaysia: Recent Trends and Challenges* (2008) sa Malaysia ang kasal ay maraming seremonya ang kailangan daanin bago ang mismong pagdiriwang. Ang seremonya ay ang mga sumusunod: ang Hantar Tanda o ang pagsalita ng pamilya ng groom, Bertunang o ang engagement, Bersanding o ang enthronement, Akad Nikah o ang mismong kasal at ang Berinai o ang seremonya kung saan nilalagyan ng henna ang kamay ng babae at lalaki. Sa seremonya ng Bersanding, uupo ang ikakasal sa itinaas na dais (pelamin). Sa likod ng ikakasal ay ang mga magsisilbi sa kanila habang sila ay nakaupo. Pagkaupo nila, sisimula ang seremonya. Kukuha ng maliliit na mga dahon at petals (bunga rampai) at ikakalat sa bukas na palad ng bagong kasal. Dapat simulan sa kanang palad ng lalaki at itapon sa kaliwang palad ng bride. Sunod, kumuha ng mga unting dahon at isawsaw sa likido. Maglagay ng konting patak sa bukas na palad ng bride at groom (menepung tawar) at magkalat naman ng saffron rice sa balikat nila. Kapag ito ay nakumpleto, bibigyan ang mga bisita ng bunga telur o isang itlog na nakalagay sa gintong lalagyanan bilang simbolo ng pagkamayabong.

Mamanhikan muna bago gawin ang seremonya ng kasal ang ipinakitang kultura ng pag-aasawa o pagpapakasal ng mga Pilipino. Pinaghandaan ng lalaki ang kasal sa layuning hindi siya mapahiya sa pamilya ng babae. Sa seremonya ng kasal dinaluhan ng mga kaanak, kamag-anak at

malalapit na kaibigan ng lalaki at babae. Sa loob ng gang angkop at mahalagang lugar kung saan gaganapin ang seremonya ng kasal. Bahagi ng seremonya ng kasal ay ang tinatawag na money dance. Ito ang mga kulturang ipinakita sa teleserye.

Isa sa mga kulturang **Pilipino** sa pagpapasakal ay ang pagkakaroon ng pamamanhikan kung saan ang pamilya ng lalaki o nobyo ay pupunta sa bahay ng babae o nobya para pormal na “hingiin ang kamay ng dalaga” sa kaniyang mga magulang. Sa pamamhikan ipinakita sa teleserye na ang mga kaanak ng babae at lalaki ay dadalo upang making sa gagawing pag-uusap para sa plano ng pagpapakasal.

Ayon kay Alampay (2013) ang tradisyon ng pamamhikan ay nagpapakita ng respeto at karangalan para sa mga magulang ng dalaga bago magpakasal ang magkasintahan. Sa pamamamhikan sinasabi ng magkasintahan ang kanilang mga plano sa kasal. Sa panahong ito na hilaw pa ang mga detalye ng okasyon, ang mga magulang ng mga ikakasal ay magbibigay ng kanilang mga opinion at suhestyon sa pangunahing mga detalye kung tungkol sa kung kailan at saan gaganapin ang kasalan. Pwede na ring pag-usapan sa okasyong ito kung sinu-sino ang mga gagawin ninong at ning, best man, brides groom at mga abay. Ang binanggit ni Alampay (2013) ay ipinakita rin sa teleserye partikular sa *A Love to Last*.

Ipinakita rin sa teleserye na ang pagpapakasal ng lalaki sa kanyang iniibig ay pinaghandaan. Makikita rito na ipinakita ng lalaki sa mga kaanak at kamag-anak ng babae na pinaghandaan nang husto ang okasyon. Sa madaling salita gustong ipakita rito na ayaw ng lalaki na siya'y mapahiya sa mga kaanak at kamag-anak ng babae. Ayon kay Daquigan (2016) sa mga probinsya ng Pilipinas, ang baryo o barangay ay imbitado sa kasal at resepsyon dahil na rin sa pagiging magiliw sa panauhin ng mga Pilipino. At magtulungan ang mga kaanak ng lalaki sa mga gastusin.

Halos lahat ng Pilipino ay pipiliin ang pormal na kasal sa simbahan maging anumang estado sa buhay. Mayroon ngang kasabihan na sa Pilipinas, isang beses ka lang magpapakasal sa buong buhay mo, maliban kung biyuda ka. Ito ay dahil walang batas ng Diborsyo sa bansa. Sa mga probinsya naman, halos ang buong baryo ay imbitado sa kasal. Ito ay dahil ang mga Pilipino ay kilala sa pagiging magiliw sa panauhin. Ang pagdiriwang ay tumatagal ng buong araw o minsan mga ilang araw pa. Ang mga gastusin ay nababalik din dahil sa money dance o pagsayaw ng ikinasal ng pandanggo at paglagay ng pera sa damit nila habang sumasayaw na sumisimbolo ng kasaganaan ng ikinasal. Kapag nagsimula na ang buhay ng ikinasal, maari na silang humiwalay sa kani-kaniyang pamilya ngunit dahil sa pagiging malapit ng mga Pilipino, mas pipiliin nila manatili lamang.

Ipinakita sa teleserye ang kultura ng pag-aasawa ng mga **Thai** kung saan napansin na pinaghandaan nang husto ng lalaki ang pagpapakasal na dinaluhan ito sa mga malalapit na pamilya ng lalaki at babae.

Sa Thailand, ayon kay Jones (2011) may tema ang kasal mula sa kanluran. Sa araw bago ang kasal, may seremonya ng mga Buddhist Monks para sa ikakasal

Ang diborsyo ay ipinatupad din ng bansang Thailand. Ang kultura ng pagpapakasal ay kailangan sa temple gawin ang seremonya. Kung saan sa seremonya kailangan ang lalaki ay napapalamutan ng ginto ang leeg. Isa sa mga kakaibang kultura ng kanilang pagpapakasal pinaghandaan ng lalaki ang kasal.

Sa bansang Taiwan pareho ang pakay ng dalawang nagmamahal sa kanilang pagpapakasal, dahil mahal nila ang isa't isa. Ipinakita na pinaghandaan ang kanilang seremonya. Sinabi ni Padilla (2007) ang kasal ng bansang Taiwan ay napakamahal. Kaya mag-iipon muna ang nobya ng ilang taon para sa mga gastusin sa kasal kaya marami sa magnobyas sa *mass wedding ceremony* nalang sasali sa pagpapakasal para makaipon nap era.

Sa kabuuan ang ipinakita sa Talahanayan 4 na ang pagiging Asyano ay tunay na maipagmamalaki sa mundo dahil sa mayaman ng kultura at paniniwala. Ayon kay Garcia (2015) ang kultura ng mamayang Asya ay pinagbasehan ng pagiging mayaman ng isang bansa. Ibinahagi pa ni Garcia (2015) na iniingatan ng mga Asyano ang sari-sariling kultura at paniniwala kaya patuloy itong umusbong, maipagmamalaki at pagyamanin bilang pagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging isang Asyano.

#### Talahanayan 5: Kulturang Pamilya Napapaloob sa mga Piling Bansa ng Asya

| KULTURANG PAMILYA | Bansa     | Tagpuan  | Tauhan                                                                                                                                   | Dayalogo                              | Tema |
|-------------------|-----------|----------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------|------|
|                   |           |          |                                                                                                                                          |                                       |      |
| Indonesia         | Sa bahay  | Lola     | Nasaan ang mga tao rito                                                                                                                  | Pag-aalala                            |      |
|                   | Sa bahay  | Manugang | Inay pasulobong ko po sa inyo, bagong sahod kasi                                                                                         | Pagkamaalalahanin                     |      |
|                   | Sa bahay  | Anak     | Daddy where is mommy (umiyak)                                                                                                            | Pag-aalala                            |      |
| Malaysia          | Sa bahay  | Lolo     | "hahaha matalino talaga ang aking paboritong apo"                                                                                        | Pagmamahala                           |      |
| Pilipinas         | Sa bahay  | Tiyuhin  | "Hay naku Andeng iyang nanay excited na excited kanina pa iyan paikot ikot. Parang sa kanya mamahikan si Anton"                          | Pagkamagalang                         |      |
|                   | Sa bahay  | Ang lola | "Aw naku paano ba iyan Andeng kung magpapakasal sino na ang gagawa sa akin iyan"                                                         | Pagkamaalagain                        |      |
|                   | Sa bahay  | Nanay    | "Halika balai pasok kayo sa loob upang pag-usapan na natin ang kasal nina Andeng"                                                        | Pagka-accomodating                    |      |
|                   | Sa parke  | Nobyong  | Eng. Kressy Beneventura will you marry me? (sabab abot sa singsing)                                                                      | Tapat na pagmamahal                   |      |
|                   | Sa hardin | Asawa    | "Tigasan mo ang puso mo Andria. Nang kinasal tayo you made a promise. Sabi mo mahal mo ako"                                              | Pagkamatatag                          |      |
| Thailand          | Sa bahay  | Anak     | "When will I grow up? So I can work and support my mother. I don't want my mother to be like this anymore." -Jeerawat                    | Pagpapahalaga sa mga kabutihan nagawa |      |
|                   | Sa bahay  | ama      | "I don't want these scandalous history to follow you and ruin you." "Remember that I will never allow anyone to destroy our reputation." | Pagpapahalaga sa reputasyon           |      |
|                   | Sa bahay  | Anak     | Pagtutulongan natin ang ating mga suliranin ama. Tulungan natin ang pighati ni kuya Lando sobrang siyang nasaktan sa nangyari            | Pagtutulongan                         |      |
| Taiwan            | Sa bahay  | Ama      | "I'm asking you to come home once. Is it that difficult? What kind of                                                                    | Pagpapahalaga ng disiplina            |      |

|  |          |     |                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                       |                                      |
|--|----------|-----|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------|
|  |          |     | daughter are you? Come home quickly! That's an order!"                                                                                                                                                                                                                                                                                                |                                      |
|  | Sa bahay | Ina | "Her relationship with her son isn't that good. Because she became busy while filming in the past. She didn't care enough for her family. Later, her son got married in the U.S. but he didn't even come back to Taiwan to visit, so the relationship between mother and son got even worse. Her heart is upset. But us as neighbors can't help her." | Pagpapahalaga sa relasyon ng pamilya |

Mapagmahal ang mga magulang na Indonesia sa mga anak lalo na ang ina ay mas malapit ang mga anak sa ina. Ito ang nakitang magandang kultura ng mga Indonesia sa teleserye. Ang nakita sa teleserye ay pinatunayan sa pahayag ng isang artikulo sa Global Affairs Canada (2014) na bansang Indonesia ay may kasabihang "Mangan ora mangan asal ngumpul" na ang ibig sabihin ay may pagkain man o wala, ang pinakamahalaga ay magkakasama. Nagpapahiwatig ito na sa hirap at ginahawa kailangan buo ang isang pamilya. Nangangahulugan itong malaki ang pagpapahalaga ng pamilya ng mga taga-Indonesia.

Ipinakita sa teleserye na mas malapit anak sa ina. Ayon sa pag-aaral kina Daquipan (2016) na binanggit sa tesis nina Ilfeld at Hanssen (1997), ang mga sanggol sa Indonesia ay kinakarga hanggang pitong buwang gulang, hanggang hindi nila naaabot ang edad na ito ay hindi sila maaaring ibaba o makatapak sa lupa. Ito rin ang karaniwang dahilan ng pagiging malapit ng mag-iina.

Extended family at mapagmahal ang mga lalaki sa mga babae ang ipinakitang magandang kultura sa bansang Malaysia. Ang bansang Malaysia ay maliliit na bansa ng Asya na itinuturing na isa sa mga maunlad na bansa sa Asya. Ayon kay Hirschman (2016), ang relasyon ng pamilya sa mga kamag-anak ng Malaysia ay may tatlong uri: "patrilineal" na sumusunod at nakaayon sa pamilya ng lalaki, "matrilineal" nanakaayon sa pamilya ng babae at "bilateral" kung saan pantay ang katayuan ng pamilya ng babae at lalaki. Ang titirhan ng bagong kasal ay may kaugalian na sinusunod base na rin sa kanilang mgapamilya. Ang bagong kasal ay titira sa bahay ng pamilya ng babae o bahay malapit dito. Sa ganitong uri karaniwang may pamana na naipapasa sa anak. Ang mga Malay ay hindi gumagamit ng apelyidong maaaring ipasa sa maraminghenerasyon ngunit dinadala nila ang pangalan ng kanilang ama sa isang henerasyon. Batay rin sa pagsusuri ni Musa (2007) ang kultura ng pamilya ng Malaysia ay karaniwan ang mga trabahong mabibigat ay para sa mga lalaki. Tumulong ang mga lalaki sa pag-aalaga ng kanilang mga anak. Hindi hinahayaang ang asawa lamang ang mag-aalaga.

Sa bansang Pilipinas ipinakita sa teleserye ang ama ang nagsisikap o nagtrabaho para sa pamilya, mapagmahal at malambing ang bawat miyembro ng pamilya. Ipinakita rin ang isang magandang kultura ng mga Pilipino ang nagdadamay sa mga problema sa pamilya at napansin din na tagumpay ng isang anak tagumpay

ng buong angkan. Habang pinanood ng mananaliksik ang teleserye, ipinakita rito na isang pamilyang kahanga-hanga kahit nagkakaroon ng maraming suliranin ang mag-asawa pero ipinakita parin ng mga magulang sa mga anak ang mga magagandang saloobin. Kahit mayaman ang mga pangunahing tauhan sa teleserye binigyan-diin ang pagiging maganda sa kapwa.

Ang mga Pilipino ay family-oriented ayon kay Timbreza (2003). Ang tagumpay ng pamilya ang batayan sa tagumpay ng mga Pilipino sa kanilang buhay. Ipinagmamalaki ni Isla (2017) ay mga kaugalian ng pamilyang Pilipino sa loob ng tahanan. Tulad ng sabay-sabay kumain, magdarasal bago at pagkatapos kumain at ang nahuling natapos kumain ang siyang maghuhugas ng pinggan. Ang kulturang ay isa sa mga kahanga-kulturang maipagmamalaki sa ibang bansa.

Ipinakita sa talahanayan pagmamahalan at pagtutulongan sa pamilya. Isa ito sa mga kulturang ipagmamalaki ng mga taga-**Thailand**. Ipinakita sa teleserye ang mahalaga at magandang relasyon ng bawat miyembro sa pamilya. Sa nabasang tesis ni Topya (2012), ang relasyon ng pamilya ang pinakaimportante sa bawat isang Thai. Ang mga Thai ay may kasabihang “dern tam poo yai mamai kad” na ang ibig sabihin ay “Sumunod ka sa matanda at hindi ka kakagatin ng mga aso” na ang ibig sabihin ay ‘di ka mapapahamak kung susunod ka sa matanda.

Ipinakita rito ang pagbibigay-diin ng mataas na paggalang at respeto ng mga anak sa magulang at pagbibigay napakahalagang importansiya ang pagkakaroon ng buo ang pamilya.

Batay sa napanood sa mga teleserye ang kulturang pamilya ang ipinakita ay ang tinatawag na *extended family*. Ipinakita sa teleserye na maraming miyembro ang pamilya dahil kahit may asawa na nanatili parin sa bahay ng mga magulang. Ang napansin ito ay pinatunayan ni Paul (2009) na nagsabing kaiba ang kultura ng pamilya sa Taiwan na hindi makikita sa ibang bansa. Tulad ang anak na hindi pa nag-aasawa ay titira sa mga magulang. Kapag nag-aasawa na saka pa aalis sa bahay ng mga magulang kung may sarili ng tirahan. Ang pagbukod ng mag-aasawa ay minsan aabot ng ilang buwan o taon na ito.

Ang kabubuang resulta ng pananaliksik sa mga kulturang napapaloob sa limang bansa; sa kultura ng pamilya, makikitang ang bansang Indonesia, Malaysia, Thailand, Pilipinas at Taiwan ay maraming pagkakatulad. Una, ang pamilya sa mga bansang ito ay karaniwang *extended*. Ipinakita na malaki ang pagpapahalaga ng mga nasabing bansa sa paggalang sa nakatatandang miyembro ng pamilya. Ang mga pagkakatulad na ito ay masasabing ugat at pundasyon ng epektibo at positibong interkultural na relasyon na maaaring magkaroon ang mga nasabing bansa.

Sa kultura ng panliligaw parehong isinagawa ang pormal na pagtatapat ng napupusuan sa bahay. Parehong nirespeto ang mga magulang ng babae

kung saan kung anuman ang desisyon ng mga magulang susundin ng anak.

Pagdating sa edukasyon pareho ang sistema at proseso sa pagtatala sa kolehiyo kung saan kinakailangan kukuha ng entrance exam ang mag-aaral. Nangangahulugan lamang na parehong naghahangad ang limang bansa ng isang kwalidad na mag-aaral. Mapapansin ang bansang Singapore ay medyo kakaiba ang kanilang kultura ng edukasyon sapagkat marami sa kanilang paaralan ay mono-gender.

At ang kultura ng pagpapakasal ay medyo may pagkakaiba. Napansin na ang bansang Indonesia ay umiiral ang kanilang tinatawag na *arranged marriage*, malaya namang pumili ang mga Malaysian pero napakahaba ang seremonya ng kasal. Ang bansang Pilipinas ay daan din sa pamanhikan bago gawin ang kasal at nakaugalian nilang may *money dance* na ang pera kanilang nakuha ang itinuturing unang pera nilang mag-asawa. Ang mga Thai naman ay pinaghandaan nang husto ang pagpapakasal at sa bansang Taiwan napakamahal ang pagpapakasal at pinayagan ang kanilang diborsyo. Pareho ang kultura ng limang bansa na pinahandaan nang husto at paglalagay sa tahimik o pagharap sa dambana.

Sa resulta ng pagsusuri nagkakaroon ng iba-ibang aspeto ang mga tao sa Asya. Sa aspeto ng **edukasyon** makikita sa teleserye na nagkakaroon ng kalamangan ang mga mayayaman sa uri ng paaralang mapapasukan. Napansin sa telerye na ang mga mayayamang mag-aaral na nakapag-aral sa marangyang unibersidad ay nakabentahe pagdating sa kaalaman. Ang marangyang unibersidad ay nakapaglunsad ng pangglobal na kompetisyon at siyang nakakatuon sa espesyal na talento ng mga mag-aaral. Maraming mga mahihirap na gustong makapagtapos sa pag-aaral pumasok sila bilang *working student* para ipagpatuloy ang kanilang mithiin sa buhay.

Ayon kay Villegas (2008) malaki ang pagkakaiba ng sitwasyon ng mga guro at mag-aaral sa magandang unibersidad o pribadong mga paaralan kaysa mga pampublikong unibersidad. Sa bahagi ng guro hindi masyadong marami ang *pressure* pagdating sa mga kagamitan sa paaralan. Dahil ang ganitong uring unibersidad ang makapagbigay agad sa kinakailangan ng kurikulum. Sa bahagi ng mga mag-aaral nakatutulong ito upang lalong mapaangat ang kanilang kaalaman. Sa kabuuan ipinakita sa teleserye na ang edukasyon ng taga-Asya ay tulay na mapaunlad ang isang bansa.

Ito ay sinuportahan ni Palomar (2015) sa kanyang pag-aaral na nagsabing sa larangan ng edukasyon ang kawalidad na kagamitan at guro ang mahalaga. Makabuo ng isang kawalidad na guro kung maganda ang kagamitan ng unibersidad.

Sa aspeto ng **panliligaw** at **pag-aasawa**, ipinakita sa teleserye na ang mga ito ay bahagi ng tao na nakapagpasaya. Iba-iba man ang kanilang pamamaraan at kultura sa kanilang pagpapakita ng kanilang pag-ibig, parehong iisa lamang kanilang

tunguhin na ang hangarin makabuo ng isang masaya at magandang pamilya at may katuwang sa buhay sa lahat na mga suliranin. Ayon kay Christofferson (2013) ang babae noon ay nasa bahay lamang. Ang lalaki ang nasusunod sa lahat na mga gusto sa buhay. Sa kasalukuyan malaki na ang boses ng mga babae. Katuwang na sa lahat na mga plano sa pamilya.

Sa aspeto ng **pamilya** binigyan-diin ng halos lahat ng mga teleseryeng napanood na ang pamilya ay ang isang kayamanan na hindi maaaring maipagpalit ninuman. Sa katunayan, parehong nagsisikap ang mga magulang para maitaguyod ang pamilya. Ipinakita na halos lahat ng teleserye na extended family ang pamilyang Asyano. Nangangahulugan lamang ito na ang mga taga-Asyano ay may pagpapahalaga sa pamilya. Binigyang-linaw ni Daquipan (2016) na ang mga Asyano ay malaki ang pagpapahalaga ng isang buong pamilya. Ang malaki, masaya at matatag na pamilya nakapagbibigay ng isang kapaki-pakinabang at produktibong mamayan.

Ang inilahad ng resulta ang nagpapahiwatig lamang na ang pagbibigay-pansin ng pagkakaiba at pagkakatulad sa mga kultura at aspeto ng buhay ay isang magandang paraan na makilala ang mga kultura ng karatig-bansa. Sa ginanap na ASEAN SUMMIT binigyan-diin ang pagkakaroon ng sapat na kamalayan sa mga sistema ng mga bansa.

## CONCLUSION AT RECOMMENDATIONS

Ang mga teleserye ay lagusan sa pagiging bukas-isip at kamalayan sa iba't ibang kultura sa mga karatig-bansa at nagsisilbing susi sa interkultural na pagkilala sa mga aspeto ng buhay ng mga Asyano.

Batay sa resulta ng pag-aaral iminumungkahi ng mananaliksik na magkakaroon pa ng ibang pag-aaral tulad nito bilang paghahanda at pagsasakatuparan ASEAN Vision 2020. At ipagsanib ang mga kultura sa Indonesia, Malaysia, Thailand at Singapore sa pagtuturo ng panitikan upang unti-unting makilala ng lubusan ng mga mag-aaral ang mga kakaibang kultura sa ibang bansa nang sa ganoon matugunan ang hangarin ng ASEAN INTEGRATION.

## ACKNOWLEDGEMENT

Ang pananaliksik na ito ay naisakatuparan bilang bahagi tesis sa graduwadong pag-aaral ng Southern Leyte State University-Tomas Oppus sa programang MaEd-Filipino.

## REFERENCES

- [1] Alampay, L. (2013), *Parenting in the Philippines*. Retrieved from: [http://link.springer.com/chapter/10.1007%2F978-94-007-7503-9\\_9](http://link.springer.com/chapter/10.1007%2F978-94-007-7503-9_9)
- [2] Alexius, A. (2017). *Nadaluhan seminar tungkol sa ASEAN connect: Forum on extension in higher education*. Manila
- [3] Asimono, F. (2015). *Love and courtship Indonesia culture*. <https://blogs.transparent.com/indonesian/love-and-courtship-in-indonesian-culture/>

- [4] Bae, K. (2017). PressReader. <https://www.pressreader.com/philippines/bandera/20171230/281792809404178>
- [5] Borong, N. L. (2021). Southern Leyteño's folklore narratives on lifestyle and leisure. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(11), 41-48. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.a022>
- [6] Casapao, M. (2015). *Sistema ng edukasyon sa Asya*. <https://www.scribd.com/user/32927854/Mike-Angelo-Casapao>
- [7] Daguplo, M., et al. (2016). *Pagsusuri ng mga alamat sa mga piling baranggay sa lungsod ng Matalom, Leyte*. Unpublished Research: Southern Leyte State University
- [8] Daquigan, S., et al. (2016). *Ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa kultura ng mga bansang Indonesia, Malaysia, Pilipinas, at Thailand at ang epekto nito sa interkultural na pagkilala*. Isang Pamanahong Papel. Pamantasang De La Salle – Manila
- [9] Gannaban, M. (2011). *Isang dosenang pagdamulat-femenismo sa mga piling akda*. *Technological University of The Philippines, Philippine Normal University, De La Salle University*. [https://www.researchgate.net/publication/318528637\\_Isang\\_Dosenang\\_Pagdalumat-Feminismo\\_sa\\_Mga\\_Piling\\_Akda](https://www.researchgate.net/publication/318528637_Isang_Dosenang_Pagdalumat-Feminismo_sa_Mga_Piling_Akda)
- [10] Garcia, K. (2015). *Kultura, paniniwala at pagpapahalaga ng Pilipino sa pagiging asyano*. <http://garciakcfifteenbowchikabowwow.12015/07/kultura-paniniwala-at-pagpapahalaga-ng.html>
- [11] Happer, C. et al., (2013). *The role of the media in the construction of public belief and social change*. Glasgow University Media Group, University Glasgow, Glasgow, United Kingdom.
- [12] Hirschman, C. (2016). *Gender, the status of women, and family structure in Malaysia*. *Malaysian Journal of economic Studies* Vol 53 No. 1 -. Retrieved from: <https://faculty.washington.edu/charles/new%20PUBS/A127.pdf>
- [13] Isla, J. (2017). *Kaugalian ng pamilyang pilipino sa loob ng tahanan*. <https://www.slideshare.net/JinkyIsla/kaugalian-ng-pamilyang-pilipino-sa-loob-ng-tahanan>
- [14] Padilla, M. 2007. *Love and globalization: Transformations of intimacy in the contemporary world*. Nashville, Tenn.: Vanderbilt University Press.
- [15] Suratno, T. (2014). *The education system in Indonesia at a time of significant changes*. <https://journals.openedition.org/ries/3814>
- [16] Tolentino, M. (2016). [https://www.academia.edu/7256887/Kultura ng Mga Bansa sa](https://www.academia.edu/7256887/Kultura_ng_Mga_Bansa_sa)
- [17] Torres, F. (2016). *Panliligaw- noon at ngayon*. <http://magandang-kasal.com/panliligaw-noon-at-ngayon/>
- [18] Vongthep, A. (2017). *Nadaluhan seminar tungkol sa ASEAN Connect: Forum on Extension in Higher Education*. Mani